



MGA MENSAHE PARA SA MGA PAMAHALAAN

**Pag-uugnay sa Proteksiyon ng Mga Bata sa panahon ng
Pagtugon sa COVID-19**

Mga Pangkalahatang Mensahe

Ang COVID-19 ay isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan na may maramihang direkta at hindi direktang epekto sa proteksiyon, kagalingan, at pag-unlad ng mga bata, parehong sa panandalian at pangmatagalan. Bilang halimbawa, ang pagsasara ng mga paaralan, pananatili sa bahay, at mga pagbabawas sa seguridad sa pagkain at kita ng sambahayan ay nagdadala ng mga panganib na nagbabanta sa buhay ng mga bata, kasama ang pagkakatad sa karahasan, pagsasamantala, pang-aabuso, paghihiwalay ng pamilya, at mga mapanganib na paraan sa pagharap sa kalagayan ng pamilya, tulad ng pag-aasawa ng mga anak at mapanganib na pagpapatrabaho sa bata.

Dahil dito, ang mga interbensiyon para sa Proteksiyon ng Bata ay nagliligtas ng buhay ng mga bata. Dapat na kasama sa mga plano sa paghahanda at pagtugon sa COVID-19 ang mga serbisyo sa proteksiyon para sa mga pinakamahina o pinakamadaling maapektuhan upang matiyak na mayroon at nagagamit ang mga interbensiyon sa proteksiyon na nakaliligtas ng buhay para sa mga bata at kanilang mga pamilya.

Mahalaga ang paggamit nang buo sa pamamaraan ng pamahalaan at ang pakikipag-ugnay sa mga angkop na nakatalagang ministeryo upang matiyak ang komprehensibong pamamaraan ng iba't ibang sektor na nagtitiyak na protektado ang mga bata sa lahat ng aspekto ng kanilang mga buhay.

Ang lahat ng aksiyon para protektahan ang mga bata sa mga pagtugon sa COVID-19 ay dapat na: maging alinsunod sa [Mga Pinakamababang Pamantayan para sa Proteksiyon ng Bata sa Pagkakarawangawa \(Minimum Standards for Child Protection in Humanitarian Action\)](#); maging layunin ang pakikilahok ng mga bata; at maging inklusibo, nang isinasalang-alang ang kasarian, edad, kapansanan, at iba pang mga salik.

Dapat isama ang Proteksiyon mula sa Seksuwal na Pagsasamantala at Pang-aabuso (Protection from Sexual Exploitation and Abuse, PSEA) sa pagtugon sa COVID-19, kasama ang katiyakan sa pagkakaroon ng ligtas na access sa lahat ng mga serbisyo at mga paraan sa pag-uulat na kumpidensiyal at naaangkop sa bata. Para sa higit pang detalye, tingnan ang [tala ng IASC Interim Technical sa PSEA](#) sa panahon ng pagtugon sa COVID-19.

MGA PANGANIB NG HINDI PAGBIBIGAY NG PRIYORIDAD SA MGA INTERBENSIYON SA PROTEKSIYON NG BATA SA PANAHOON NG PANDEMYA NG COVID-19

- Naiiwan ang mga may mataas na panganib na kaso sa proteksiyon ng bata nang walang plano sa pag-follow up o transisyon.
- Hindi angkop na naalagaan o isinasangguni ang mga bagong kaso sa proteksiyon ng bata.
- Ang mga panganib sa proteksiyon ng bata na karaniwang nakatago, tulad ng seksuwal na pang-aabuso, pisikal na karahasan, o pagpapabaya, ay hindi makikita nang walang nakatalagang kawani sa proteksiyon para magbigay ng regular na follow-up at pagsusubaybay.
- Nalalagay sa panganib ang higit pang bata, tulad ng mga naninirahan sa mga kalsada, naihiwalay dahil sa mga sakit sa pamilya o mga hakbang na nauugnay sa COVID-19 tulad ng mga quarantine o paghihigpit sa paglalakbay.
- Pinuputol ang pagbibigay ng pampublikong pondo para sa mga serbisyong panlipunan at lubos na binabawasan ang access sa mga serbisyo (halimbawa, hindi inaangkop ang mga serbisyo para magbigay ng malayuang suporta sa mga batang nananatili sa mga bahay).

Mga Partikular na Mensahe

1. Bigyan ng Priyoridad ang Proteksiyon ng Mga Bata

- Dapat ituring at paglaanan ng mga pamahalaan ang mga manggagawa sa serbisyong panlipunan bilang mga mahalagang kawani sa panahon ng paglaganap ng COVID-19, kung saan ay pinapayagan silang patuloy na maghatid ng mga serbisyong nakaliligtas ng buhay sa mga bata at pamilya.
- Ilangkop ang umiiral na pagpapatakbo ng programa batay sa mga limitasyon sa access, halimbawa ang pagpapatatag ng mga linya ng tulong para sa bata, pagpapadala ng mensahe sa radyo, pagtataguyod ng mga malayuang pag-check in sa mga madaling maapektuhang kaso ng mga bata, atbp.
- Bigyan ng priyoridad ang mga serbisyo sa proteksiyon ng bata, kasama ang suporta sa kalusugan ng pag-iisip at sikolohikal at panlipunang suporta, pamamahala ng kaso, mga alternatibong serbisyo sa pangangalaga at pagsusubaybay, mga linya ng tulong para sa bata, at iba pang mahalagang serbisyo, kasama ng mga kritikal na serbisyo para manatiling tumatakbo ang mga lubos na kritikal na serbisyong ito.
- Suportahan ang mga manggagawa sa kaso sa proteksiyon ng bata para panatilihin at iangkop ang

suporta sa mga bata at pamilyang may mataas na panganib sa karahasan, pang-aabuso, at pagsasamantala. Bigyan ng priyoridad ang mga kaso ayon sa antas ng panganib (hal. mga kasong may mataas, katamtaman, at mababang panganib) at tukuyin ang mga naaangkop na tumutugmang aksiyong dapat isagawa sa bawat antas ng panganib. [Tingnan ang ikalawang pahina ng halimbawa na gabay na Pamamahala ng Kaso sa Proteksiyon ng Bata sa COVID-19 sa Lebanon \(Lebanon COVID-19 Child Protection Case Management guidance\)](#). *Inihanda na ang pandaigdigang gabay sa pamamahala ng kaso ayon sa antas.*

- Makipagtulungan sa mga organisasyon sa lipunang sibil at sa pribadong sektor para punan ang mga puwang sa pagpopondo at sa manggagawa sa panlipunang serbisyo
- Sa pamamagitan ng pagbibigay ng plataporma para sa pag-uugnayan, dapat makipagtulungan ang mga naaangkop na awtoridad at nakatalagang ministeryo sa mga organisasyon ng proteksiyon ng bata at institusyon sa iba't ibang antas para magamit nang husto ang mga kolektibong mapagkukunan at mapabuti ang pangkalahatang kahusayan at kalidad ng pagtugon.

2. Mga Batang Nasa Panganib sa Quarantine o Pagbubukod

- Magpatupad ng mga protokol at plano sa pagbubukod (isolation) o pagsasailalim sa quarantine ng mga batang may sakit na matutulungan silang matugunan ang kanilang mga umiiral na pisikal at sikolohikal na pangangailangan sa panahon ng COVID-19. Suportahan ang mga protokol para pahintulutan ang mga magulang na manatili kasama ang mga may sakit na bata kapag posible.
- Kapag pansamantalang nahihwalay ang mga magulang at mga bata sa mga pangunahing tagapangalaga, suportahan ang rutinang komunikasyon sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono, video na mensahe, atbp.

- Tiyakin ang mga alternatibong opsiyon sa pangangalaga na nakabatay sa pamilya para sa mga batang may mga tagapangalagang naka-quarantine, kung saan ang pansamantalang pangangalagang hindi nakabatay sa pamilya (hal., tahanan para sa maliit na grupo o sentro sa pansamantalang pangangalaga) ang panghuling dulugan.
- Tiyaking binibigyan ng priyoridad para sa agarang suporta ang mga batang nag-aalaga para sa/naninirahan kasama ang mga matandang tagapangalaga o mga tagapangalagang may malubhang karamdaman o kapansanan.

3. Kalusugan at Kagalingan ng Kawani

- Bigyan ang manggagawa sa kaso at social worker ng naangkop na pamprotektang kagamitan at pagsasanay sa pagbabawas ng panganib para patuloy na ihatid ang mahahalagang serbisyo *nang liqtas*, bilang suporta sa pangangalaga at proteksiyon ng mga bata sa mga komunidad.
- Maglaan ng mga panuntunan sa Impeksiyon, Proteksiyon, at Kontrol (Infection, Prevention and Control, IPC) para sa manggagawa sa kaso para tiyakin ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata/tagapangalaga, manggagawa sa kaso, at boluntaryo sa komunidad.
- Tukuyin ang mga paraan para bumuo ng mga bagong network o mga virtual na espasyo para maka-access ng impormasyon at kasamahan at ibang network ng suporta ang mga social worker at bigyan sila ng kinakailangang teknolohiya at kagamitan para gawin ito.

4. Kooperasyon ng Iba't Ibang Sektor

- Itaguyod ang hindi nagbabago-bago at ang tiyak na pagpapadala ng mensahe tungkol sa COVID-19 at ang mga paraan para bawasan ang mga panganib sa mga bata (hal., pagtataguyod ng positibong paraan ng pagpapalaki sa mga anak at mga mensahe sa pagharap sa sitwasyon, paano bawasan ang panganib ng paghihiwalay ng pamilya, atbp.) sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga mensahe sa pagitan ng mga kumikilos para sa proteksiyon ng bata, laban sa karahasang batay sa kasarian, para sa kalusugan ng pag-iisip, at kalusugan.
- I-update at patatagin ang mga paraan ng pagsangguni ng iba't ibang sektor para ipakita ang *bago o inangkop* na suporta sa kalusugan, edukasyon, kalusugan ng pag-iisip, at sikolohikal na suporta, at iba pang mga serbisyo o mapagkukunan

Pabalat Kredito para sa Larawan:

© UNICEF/UN0339412/Frank Dejongh

Abril 2020

Makipagpalitan at Matuto

Alamin kung paano makakukuha ng impormasyon mula sa pang-emergency na sistema ng impormasyon tungkol sa sakit ng iyong rehiyon. Upang makita ang mga umiiral na mapagkukunan at magbahagi ng mga materyales, mangyaring suriin ang [Menu ng Mapagkukunan](#) ng CP AoR COVID-19 at makipag-ugnayan sa aming helpdesk sa cpaor@unicef.org para magbahagi. Para sa higit pang paggabay, tingnan ang *Teknikal na Tala ng Alyansa sa "Proteksiyon ng Mga Bata sa panahon ng Pagtugon sa COVID-19"* (Alliance "Protection for Children during the COVID-19 Pandemic" Technical Note) na available sa 11 wika: <https://alliancecpha.org/en/series-of-child-protection-materials/protection-children-during-covid-19-pandemic>